



# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies

### CBS500 Ang Mga Propeta

#### CBS501 Ang Aklat ng Mga Propeta sa Lumang Tipan

Conrad Jun Tolosa

Ang mga propeta ng Lumang Tipan ay nagsilbing mga tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang bayan, na nagdadala ng mga mensahe ng babala, pag-asa, paghuhusga, at pagtubos. Gumamit sila ng iba't ibang pamamaraan upang iparating ang kanilang mga banal na mensahe, kabilang ang mga pangitain, simbolikong aksyon, mga talinhaga, at tuwirang pahayag. Sa kabila ng kanilang kinaharap na mga pagsubok, kabilang ang pagtutol, pag-uusig, at pagtanggap, nanatili silang tapat sa kanilang misyon.

Ang kanilang mga sinulat at propesiya ay nag-iwan ng pangmatagalang pamana, na bumubuo ng mahalagang bahagi ng parehong mga tradisyong Hudyo at Kristiyano. Nag-aalok sila ng malalim na mga pananaw sa kalikasan ng Diyos, katarungan, at pagtubos, at patuloy na pinag-aaralan para sa kanilang mga walang hanggang mensahe. Ang mga propeta ay may mahalagang papel sa paghubog ng espirituwal at moral na kalakaran ng kanilang panahon, at ang kanilang mga aral ay nananatiling makabuluhan at nakaaapekto hanggang sa ngayon.

#### Mga Aklat ng mga Propeta sa Lumang Tipan

Ang Lumang Tipan (OT) ay naglalaman ng ilang mga aklat na iniuugnay sa mga propeta, na nahahati sa mga Major Prophets at Minor Prophets. Ang mga aklat na ito ay nagtatala ng mga mensahe, pangitain, at karanasan ng mga propetang ito habang ipinaparating nila ang salita ng Diyos sa mga tao ng Israel at sa iba pang mga bansa. Narito ang listahan ng mga aklat ng propeta sa Lumang Tipan, na ikinategorya sa Major at Minor Prophets.

#### Major Prophets

##### 1. Isaiah

- Ang Aklat ni Isaiah ay naglalaman ng mga propesiya tungkol sa kaligtasan, paghuhusga, at pagdating ng Mesiyas. Naglalaman ito ng mga pangitain ng kabanalan ng Diyos at mga mensahe tungkol sa pagbagsak at kalaunang pagpapanumbalik ng Jerusalem. (Isaiah 1:18-20; 7:14; 9:6-7; 6:1-8; 40:1-5; 61:1-4)

##### 2. Jeremiah

- Ang Aklat ni Jeremiah ay nagtatala ng mga propesiya ni Jeremiah, na nakatuon sa pagkawasak ng Jerusalem, ang pagkatapon sa Babilonia, at ang tawag sa pagsisisi. Kasama rin dito ang pangako ng isang bagong tipan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang bayan. (Jeremiah 1:14-16; 25:11-12; 29:10-14; 31:31-34)

##### 3. Lamentations

- Karaniwang iniuugnay kay Jeremiah, ang Aklat ng Lamentations ay isang koleksyon ng mga patulang panaghoy sa pagkawasak ng Jerusalem. (Lamentations 1:1-4; 3:22-23; 5:19-22)

#### 4. **Ezekiel**

- Ang Aklat ni Ezekiel ay naglalaman ng mga pangitain ng kaluwalhatian ng Diyos, ang pagpapanumbalik ng Israel, at ang bagong templo. Ginamit ni Ezekiel ang mga simbolikong aksyon upang iparating ang mga mensahe ng Diyos sa panahon ng pagkatapon sa Babilonia. (Ezekiel 1:1-28; 36:24-28; 40:1-4; 4:1-17; 12:1-7)

#### 5. **Daniel**

- Ang Aklat ni Daniel ay naglalaman ng mga kuwento ng katapatan ni Daniel sa pagkatapon, mga interpretasyon ng mga panaginip at pangitain, at mga apokaliptikong pangitain tungkol sa hinaharap, na binibigyang-diin ang kapangyarihan ng Diyos. (Daniel 1:8-21; 2:19-23; 6:10-23; 7:13-14; 12:1-3)

### **Minor Prophets**

#### 1. **Hosea**

- Ang Aklat ni Hosea ay gumagamit ng kasal ng propeta sa isang di-tapat na asawa bilang simbolo ng kataksilan ng Israel sa Diyos at binibigyang-diin ang walang hanggang pag-ibig at katapatan ng Diyos. (Hosea 1:2-3; 2:14-20; 3:1-5; 11:8-9; 14:4)

#### 2. **Joel**

- Ang Aklat ni Joel ay nakatuon sa Araw ng Panginoon, pagsisisi, at pagpapanumbalik. Iprinopesiya nito ang isang salot ng balang at ang pagbubuhos ng Espiritu Santo. (Joel 1:14-15; 2:12-13; 2:28-32)

#### 3. **Amos**

- Ang Aklat ni Amos ay nagbibigay-diin sa katarungang panlipunan at paghuhusga ng Diyos laban sa hilagang kaharian ng Israel. Tinatawag nito ang katuwiran at kinokondena ang mga kawalan ng katarungan. (Amos 5:14-15; 5:24; 7:14-15; 3:1-2; 6:4-6)

#### 4. **Obadiah**

- Ang Aklat ni Obadiah, ang pinakamaikling aklat sa Lumang Tipan, ay nakatuon sa paghuhusga laban sa Edom at sa hinaharap na pagpapanumbalik ng Israel. (Obadiah 1:1-4; 1:15-21)

#### 5. **Jonah**

- Ang Aklat ni Jonah ay naglalahad ng misyon ng propeta sa Nineve, ang kanyang unang pagtakas sa utos ng Diyos, ang kanyang kalaunang paghahayag ng mensahe ng Diyos, at ang pagsisisi ng Nineveh. (Jonah 1:1-3; 3:1-5; 4:1-11)

#### 6. **Micah**

- Ang Aklat ni Micah ay naglalaman ng mga propesiya ng paghuhusga at pagpapanumbalik, ang pagbagsak ng Jerusalem, at ang lugar ng kapanganakan ng Mesiyas sa Betlehem. (Micah 5:2; 6:8; 7:18-20)

#### 7. **Nahum**

- Ang Aklat ni Nahum ay nagpopropesiya ng pagkawasak ng Nineveh, ang kabisera ng Asiria, at nagsisilbing pagpapatuloy ng mga tema na ipinakilala ni Jonah. (Nahum 1:1-3; 3:1-7)

## 8. Habakkuk

- Ang Aklat ni Habakkuk ay nagtatala ng isang diyologo sa pagitan ng propeta at ng Diyos tungkol sa problema ng kasamaan at kawalan ng katarungan, na nagtatapos sa isang pangitain ng huling katarungan ng Diyos. (Habakkuk 1:2-4; 2:4; 3:17-19; 2:14; 3:2)

## 9. Zephaniah

- Ang Aklat ni Zephaniah ay nagbabala tungkol sa darating na Araw ng Panginoon, paghuhusga, at ang kalaunang pagpapanumbalik ng isang nalalabing bahagi ng Israel. (Zephaniah 1:14-18; 3:9-13; 3:17)

## 10. Haggai

- Ang Aklat ni Haggai ay naghihikayat sa mga bumalik mula sa pagkatapon na muling itayo ang templo sa Jerusalem at binibigyang-diin ang pagsunod sa mga utos ng Diyos. (Haggai 1:7-8; 2:4-9)

## 11. Zechariah

- Ang Aklat ni Zechariah ay nag-aalok ng mga pangitain ng pag-asa at pagpapanumbalik, kabilang ang mga propesiya ng pagdating ng Mesiyas at ang hinaharap na pagtubos ng Israel. (Zechariah 9:9-10; 12:10; 14:9)

## 12. Malachi

- Ang Aklat ni Malachi ay tumatawag para sa mga repormang relihiyoso at moral, tinatalakay ang mga isyu ng katapatan, at ipinopropesiya ang pagdating ni Elijah bago ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon. (Malachi 3:1-2; 4:5-6)

### **Multiple Choice:**

1. Basahin ang Hosea chapter one. Aling statement sa ibaba ang hindi totoo batay sa mga aralin o tema na ipinakita sa kabanata?
  - a. Ang kasal ni Hosea kay Gomer ay sumisimbolo sa hindi nagbabagong pag-ibig ng Diyos sa Israel sa kabila ng kanilang pagtataksil.
  - b. Ang mga pangalan ng mga anak ni Hosea ay kumakatawan sa parehong paghatol at pag-asa ng pagpapanumbalik para sa Israel.
  - c. Tuluyang itinatakwil ng Diyos ang Israel bilang Kanyang bayan na walang posibilidad ng pagkakasundo.
  - d. Sa kabila ng hindi katapatan ng Israel, ipinangako ng Diyos ang pagpapanumbalik at pagkakaisa sa hinaharap.
2. Basahin ang Joel chapter two. Aling statement sa ibaba ang totoo batay sa mga aralin o tema na ipinakita sa kabanata?
  - a. Ang paghatol ng Diyos ay final, at walang posibilidad ng pagpapanumbalik o awa para sa mga nagkasala.
  - b. Ang mga tao ay tinawag sa panlabas na mga gawa ng pagsisisi, tulad ng pagpunit ng kanilang mga damit, nang walang pagtutok sa puso.

- c. Tanging ang mga pari at pinuno lamang ang mananagot sa paghuhukom, habang ang iba sa mga tao ay walang pananagutan.
  - d. Tinatawag ng Diyos ang tao sa taos-pusong pagsisisi at nangangako na ibabalik Niya ang kapwa bayan at lupain kung sila'y manunumbalik sa Kanya.
3. Ayon sa Amos 4:4-5, bakit tinanggihan ng Diyos ang mga relihiyosong handog ng mga tao?
    - a. Dahil hindi nila inialay ang tamang mga hayop para sa sakripisyo.
    - b. Dahil ang kanilang mga handog ay pawang panlabas na ritwal lamang, na hindi sinamahan ng katarungan at tunay na pagsisisi.
    - c. Dahil sila ay sumasamba sa maling templo.
    - d. Dahil ayaw na ng Diyos ng mga sakripisyo bilang bahagi ng kanilang pagsamba.
  4. Inihambing sa Micah 3:5-7 ang totoo at huwad na mga propeta, lalo na sa kanilang motibo at pagkilos. Paano tayo matutulungan ng kaibahang ito na suriin ang kaugnayan ng personal na pakinabang at espirituwal na patnubay sa modern religious relationship?
    - a. Ipinakikita nito na lahat ng lider ng relihiyon ay tiwali at udyok ng personal na pakinabang.
    - b. Ito ay nagbabala sa atin na maging maingat sa mga pinuno na nag-aalok lamang ng mga paborableng mensahe kapag sila ay tumatanggap ng pinansyal o materyal na mga benepisyo.
    - c. Itinuturo nito na ang mga tunay na propeta ay laging mayayaman, at ang mga huwad na propeta ay mahirap.
    - d. Iminumungkahi nito na ang mga propeta ay hindi dapat pumuna sa mga pinuno ng pulitika upang maiwasan ang hidwaan.
  5. Basahin ang Habakkuk 2:6-20. Ano ang matututuhan dito patungkol sa kalikasan ng banal na katarungan kaugnay ng mga aksyon ng tao?
    - a. Ang katarungan ng Diyos sa huli ay hindi maiiwasan, at ang mga gumagawa ng mga kawalang-katarungan ay mananagot sa Kanya anuman ang ating katayuan sa buhay.
    - b. Ang banal na katarungan ay hindi tiyak at hindi nakabatay sa asal ng tao.
    - c. Ang mga aksyon ng tao ay walang epekto sa banal na paghatol.
    - d. Tanging ang mga makapangyarihan ang makakatakas sa banal na paghatol.
  6. Basahin ang Haggai 2:10-14. Paano makakapagbigay-alam ang aral na ito sa atin bilang mga mananampalataya, patungkol sa epekto ng ating mga aksyon sa ating komunidad at pagsamba?
    - a. Ang kabanalan ay may kaugnayan lamang sa mga pinuno at walang kinalaman sa komunidad.
    - b. Ang mga aksyon ay walang kahihinatnan, at ang mga indibidwal ay hiwalay sa komunidad.
    - c. Ang kabanalan ay minana sa halip na nilinang.
    - d. Dapat na maunawaan ng mga mananampalataya na ang kanilang personal na pag-uugali ay nakakaapekto sa kolektibong espirituwal na kalusugan ng komunidad at ang kanilang relasyon sa Diyos.
  7. Basahin ang Zechariah chapter 12. Anong pangunahing tema ang lumabas sa kapitulong ito hinggil sa hinaharap ng Jerusalem?
    - a. Ang Jerusalem ay wawasakin magpakailanman ng mga kaaway nito.
    - b. Ang Jerusalem ay magiging isang mabigat na pasanin sa mga bansa, at poprotektahan ito ng Diyos, na ililigtas ang Kanyang bayan mula sa kanilang mga kaaway.

- c. Ang Jerusalem ay iiwan ng Diyos dahil sa pagsuway ng mga tao.
- d. Ang mga pader ng Jerusalem ay papalitan ng malalakas na hukbong banyaga upang protektahan ito.



© May 2024 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.